APOSTOLIC DISCIPLESHIP COURSE

# KURSO SA PAGDIDISIPULO

## IKALAWANG BAITANG

**(SA WIKANG TAGALOG)**

Raymart C. Lugue

# PAUNANG SALITA

Purihin ang Dios!

Kung ang munaklat na ito'y iyong hawak-hawak, nangangahulugan lamang na ika'y interesadong matuto upang lumalim ang iyong pagkakilala sa Dios at upang lumago ang iyong ugnayan sa Kaniya.

Marahil ito ang una mong pagkakataon na pagaralan ang mga katuruan sa Biblia, o di kaya'y katatanggap mo pa lamang sa Panginoon sa pamamagitan ng bautismo sa tubig sa pangalan ni Hesus. Nais kong ipaalam sa iyo na hindi kalooban ng Dios na matapos ang iyong pagkakilala sa Kaniya sa yugtong ito. Ito ay simula pa lamang ng iyong mas malalim na pagkakilala at relasyon sa Dios.

Habang iyong ibinibigay ang iyong sarili – ang iyong panahon at pagsisikap – sa Salita ng Dios, ako'y nananampalataya na bubuksan ng Dios ang iyong pangunawa at puso upang Siya'y iyong masumpungan. Pangako ng Dios sa atin sa Jeremias 29:13 "*At inyong hahanapin ako, at masusumpungan ako, pagka inyong sisiyasatin ako ng inyong buong puso."*

Ako'y nagagalak at nagpapasalamat sa Dios sa pagkakataon na ika'y samahan sa iyong pagaaral ng Salita ng Dios. Anuman ang iyong katanungan ukol sa mga araling ito at iba pa ay lugod na sasagutin sa tulong ng Panginoon.

Maraming salamat at nawa'y pagpalain ka ng Dios.

***"Saliksikin ninyo ang mga kasulatan, sapagka't iniisip ninyo na sa mga yaon ay mayroon kayong buhay na walang hanggan; at ang mga ito'y siyang nangagpapatotoo tungkol sa akin." (Juan 5:39)***

# YUGTO I

## MGA DOKTRINA
## UKOL SA KABANALAN

# ARALIN 1
# BUNGA NG ESPIRITU – UNANG BAHAGI

## I. Panimula

### *A. Ang Halaga ng Kabanalan*

- Upang bigyan ng kaluguran ang Dios na tumubos sa atin sa pamamagitan ng Kaniyang sariling dugo (I Mga Taga Corinto 6:19-20)
- Ibang ihayag ang kabanalan ng Dios sa iba

### *B. Ang Trabaho ng Espiritu Santo*

- Bigyan tayo ng bagong espiritu (Ezekiel 11:19-20)
- Hubugin tayo sa wangis o larawan ni Kristo (Mga Taga Roma 8:29)

## II. Nilalaman – Bunga ng Espiritu (Mga Taga Galacia 5:22-23)

### *A. Pagibig*

- Ang pangunahing elemento sa pamumuhay bilang isang Kristyano
- Ang tanging kasiya-siyang motibo sa paglilingkod sa Dios
- Inutusan tayong mahalin ang ating kapwa, mga kapatid sa Panginoon, maging ang ating mga kaaway
- Ang nagpapatunay ng ating pagka-Kristyano (Juan 13:35)

### *B. Kagalakan*

- “Kaya’t kayo’y iigib ng tubig na may kagalakan sa mga balon ng kaligtasan… sa araw na yao’y inyong sasabihin, Mangagpasalamat kayo sa Panginoon” (Isaias 12:3-4)
- “Sapagka’t ang kaharian ng Dios ay… kagalakan sa Espiritu Santo” (Mga Taga Roma 14:17)
- “…nangagagalak na totoo na may galak na di masayod at puspos ng kaluwalhatian” (I Pedro 1:8)

### *C. Kapayapaan*

- Pangloob na kapayapaan (Juan 14:27; Mga Taga Filipos 4:7)
- Kapayapaan sa lahat ng tao (Mateo 5:9; Mga Hebreo 12:14)

### *D. Pagpapahinuhod at Pagtitiyaga*

- Ang pagtitiyaga ay ukol sa sarili at sa Dios (Lucas 21:19, 8:15; Mga Hebreo 12:1)
- Ang pagpapahinuhod ay ukol sa pakikitungo sa mga tao (Mga Taga Efeso 4:2-3)

**Magsanay:** Ano ang iyong napapansin sai ilang bahagi ng iyong buhay na nagbago habang ika’y namumuhay kasama ang Dios?

# ARALIN 2
# BUNGA NG ESPIRITU – IKALAWANG BAHAGI

**I. Panimula – Pagrerepaso ng Unang Bahagi**

**II. Body – Bunga ng Espiritu (Mga Taga Galacia 5:22-23)**

***A. Kagandahang-loob***

- Pagiging magalang, mabait at hindi marahas
- "ang alipin ng Panginoon ay…maamo sa lahat…" (II Timoteo 2:24)
- "pinadakila ako ng iyong kahinahunan" (Awit 18:35)

***B. Kabutihan***

- Katuwiran, moralidad, kalinisang-puri at kaigihan
- "…ngunit sumasampalataya sa Kaniya na umaaring ganap… (Mga Taga Roma 4:5-6)

***C. Pananampalataya***

- Pananampalataya na magpatuloy sa lakad bilang isang Kristyano
- "At kung walang pananampalataya ay hindi maaaring maging kalugodlugod sa kaniya…" (Mga Hebreo 11:6)
- Ang pananampalataya ay nagdudulot ng kasagutan sa mga panalangin at mga pangako ng Dios (Mateo 21:22)

***D. Kaamuan***

- Pagiging matiisin, malumanay at 'di nakahilig sa galit
- Ang maamo ay magmamana ng lupa (Mateo 5:5)
- Magpakahinahon sa lahat ng mga tao (Tito 3:2)

***E. Pagpipigil***

- Pagpipigil sa sarili, pagtitimpi at kahinahunan
- "mapagpigil sa lahat ng mga bagay" (I Mga Taga Corinto 9:24-27)
- "Makilala nawa ang inyong kahinhinan…" (Mga Taga Filipos 4:5)

**III. Pangwakas**

1. Ang mga ito ay *bunga* ng Espiritu. Nangangahulugan lamang na:
   - Ito'y likas na resulta matapos mapuspos ng Espiritu Santo
   - Ang proseso nito ay mula sa loob pailabas
   - Ang buhay Kristyano'y dapat alagaan ng tuloy-tuloy upang patuloy na makitaan ng bunga ng Espiritu. Ito'y magaganap sa pamamagitan ng panalangin, Salita ng Dios at pagpupuspos ng Banal na Espiritu.

**Magsanay:** Kabisaduhin ang Mga Taga Galacia 5:22-23. Ulit-sabihin mo ito sa iyong guro sa susunod na pagkikita.

# ARALIN 3
## ANG BUHOK

### I. Panimula
***A. Tipolohiya sa Lumang Tipan***
- Ang kakulangan o kawalan ng buhok ay sumasagisag ng pagkakasala at kahinaan (II Mga Hari 2:23)
- Ang paggupit ng buhok ay sumasagisag sa kahihiyan at pagluluksa (Ezra 9:3; Nehemias 13:25; Isaias 3:17-24; Isaias 22:12; Mikas 1:16)
- Sagisag ng kaluwalhatian (Ezekiel 16:7)
- Ang hindi nagupitang buhok ay palatandaan ng pagkakabukod para sa Dios (Mga Bilang 6:1-21)

### II. Nilalaman
***A. Ang Katuruan sa Bagong Tipan (Lalake)***
- “Ang bawa’t lalaking nanalangin, o nanghula na may takip ang ulo, ay niwawalan ng puri ang kaniyang ulo” (I Mga Taga Corinto 11:4)
- “Ang lalake ay hindi dapat maglambong sa kaniyang ulo, palibhasa’y larawan siya at kaluwalhatian ng Dios ” (I Mga Tag Corinto 11:7)
- “Kung may mahabang buhok ang lalake, ay mahalay sa kaniya” (I Mga Taga Corinto 11:14)

***B. Ang Katuruan sa Bagong Tipan (Babae)***
- “Kung ang babae ay walang lambong, ay pagupit naman” (I Mga Taga Corinto 11:6)
- “Nararapat na ang babae ay magkaroon sa kaniyang ulo ng tanda ng kapamahalaan, dahil sa mga anghel” (I Mga Taga Corinto 11:10)
- “Kung ang babae ang may mahabang buhok, ay isang kapurihan niya… ang buhok sa kaniya’y ibinigay na pangtakip” (I Mga Taga Corinto 11:15)

### III. Pangwakas
***A. Pangkasalukuyang Sagisag ng Buhok (Paghihimagsik)***
- *Bobbed hair* ng mga kababaihan noong “Roaring Twenties”
- Mahabang buhok ng mga kalalakihan noong “Swinging Sixties”

***B. Walang Pagtatalo-talo***

“Kung tila mapagtunggali ang sinoman, walang gayong ugali kami, ni ang iglesia man ng Dios” (I Mga Taga Corinto 11:16)

**Magsanay | Mga Karagdagang Talata**
- …sapagka’t ako’y nagging ____________ sa Dios (Mga Hukom 16:17)
- Gupitin mo ang iyong _______... sapagka’t itinakuwil ng Panginoon… (Jeremias 7:29)

# ARALIN 4
# KASUUTAN

## I. Panimula

### *A. Ang Dios ay may Malasakit sa ating Pananamit*

Genesis 3:7, 21 – "…at sila'y tumahi ng mga dahon ng puno ng igos, at kanilang ginawang panapi... At iginawa ng Panginoong Dios si Adam at ang kaniyang asawa ng mga kasuutang balat at sila'y dinamitan."

## II. Nilalaman – Mga Saligang Pangkabanalan Ukol sa Kasuutan

### *A. Kayumian o Kahinhinan*

- "Gayon din naman, na ang mga babae ay magsigayak ng mahinhing damit na may katimtiman at hinahon..." (I Timoteo 2:9).
- "Sa pagkamasid nila ng inyong ugaling mahinhin" (1 Pedro 3:2).
- Ang malaswang kasuutan ay nagpapahiwatig ng malaswang espiritu (Lucas 8:27).

### *B. Kawalang-kabuluhan*

- "Ang mga babae ay magsigayak... hindi ng mahalagang hiyas ng buhok... o damit na mahalaga" (I Timoteo 2:9).
- "Na huwag sa labas ang kanilang paggayak... kundi ang pagkataong natatago sa puso... ng espiritung maamo..." (I Pedro 3:3-4)

### *C. Pagkakaiba ng Kasarian*

- "Ang babae ay huwag mananamit ng nauukol sa lalake, ni ang lalake ay magsusuot ng pananamit ng babae; sapagka't… ito ay karumaldumal sa Panginoon mong Dios" (Deuteronomio 22:5)

### *D. Pagkakabukod sa Sanglibutan*

- "At huwag kayong magsiayon sa sanglibutang ito: kundi magiba kayo sa pamamagitan ng pagbabago…" (Mga Taga Roma 12:2)

## III. Pangwakas

- Ang mga saligan sa Biblia ukol sa kabanalan ay magpakailan mang naitatag sa langit (Awit 119:89).
- Ang magdamit ng kasuutang hindi nagpapakita ng maseselang bahagi ng katawan sa ibang kasarian ay isang disente at mayuming uri ng pananamit.

**Magsanay | Mga Karagdagang Talata**

- Makilala nawa ang inyong __________ (Mga Taga Filipos 4:5)
- Saan mapupunta ang mga taong karumaldumal? (Basahin sa Apocalipsis 21:8, 27)

# ARALIN 5
# PAGGAGAYAK

## I. Panimula

- ***Paggagayak*** *– magpaganda o magpalamuti ng mayroong hiyas o palamuti; mula sa Griyegong salitang "kosmeo/kosmos" na ang ibig sabihin ay sanglibutan o pagkakaayos*

### *A. Paggagayak sa Lumang Tipan*

- Ang mga alahas noo'y ginagamit bilang salapi sapagka't ito'y mayroong halaga sa sinaunang kultura (Job 42:11). Sa simula, ito'y pagpapala galing sa Dios (Genesis 13:2; Exodo 3:22).
- Sa kadahilanang ginamit ng mga tao ang palamuti upang magpahiwatig ng kayabangan at kahalayan, sinimulan ng Dios na tawagin ang mga tao upang manumbalik sa Kaniya sa pamamagitan ng pagaalis ng mga palamuti. (Genesis 35:1-4; Exodo 33:5-6; Deuteronomio 7:25-26).

## II. Nilalaman – Paggagayak sa Bagong Tipan

### *A. Ang Mga Praktikal na Dahilan ni Pedro – I Pedro 3:1-7*

- Ang tamang pamantayan ukol sa paggagayak ng mga kababaihan ay maaaring maging daan sa kaligtasan ng kani-kanilang mga asawang lalaki sa pamamagitan ng pangloob na paggayak (v.1-2)
- Ang mga babaeng banal sa Lumang Tipan bilang halimbawa (v.5-6)
- Pangloob na paggayak ng maamo at payapa na espiritu (v.4)
- Huwag sa labas ang kanilang paggayak… na gaya ng pagsusuot ng mga hiyas nag into (v.3)

### *B. Ang Mga Dahilang Pang-teolohika ni Pablo – I Timoteo 2:8-15*

- Ang mga pamantayan ukol sa paggayak ng kalalakihan: (1) katawang malaya sa kahalayan (mga kamay na banal), (2) espiritung malaya sa poot (walang galit) at (3) kaisipang malaya sa pangungutya (walang pagaalinlangan).
- Para sa mga kababaihan: (1) labis na kaayusan ng buhok (pinalamutiang buhok), (2) labis na pagsuot ng hiyas na walang kabuluhan (ginto o perlas) at (3) maluhong kasuutan (maluhong damit).
- Ang ibig sabihin ng katimtiman ay "mukhang 'di kinulayan"
- Ang kahinhinan ("sohprosune") ay tumutukoy sa 'di paggamit ng mga palamuting nakakaagaw pansin.

## III. Pangwakas

- Hindi dapat tayo gumayak ng mga makamundong bagay sapagka't tayo'y Kaniyang makalangit na hiyas. (Apocalipsis 21:2).

# ARALIN 6
# MGA MATA

## I. Panimula

### *A. Ang Mata ay ang Pintuan ng Kaluluwa*

- "Ang ilawan ng katawan ay ang mata" (Mateo 6:22).
- Sinasabi ng mga sikologo na ang 90% ng ating iniisip ay pinasisigla ng ating mga nakikita. 65% ng mga estimulong ating natatanggap sa pamamagitan ng mga mata ay naiimbak sa ating pang-matagalang memorya.

## II. Nilalaman

### *A. Pita ng Mga Mata*

- Ang pita ng mata ay isang uri ng binhi ng kasalanan; ito ay isa sa tatlong pangunahing kahinaan (I Juan 2:16).
- Ang mga kasalanan ay nagsisimula kapag ang isang tao'y natukso ng kaniyang sariling pita (Santiago 1:14-15).

### *B. Mga Kaugnay na Kwento sa Biblia*

- Eba (Genesis 3:6)
- Achan (Josue 7:21)
- David (II Samuel 11:2)
- Jesus (Mateo 4:8)

### *C. Mga Bagay na 'Di Hinihikayat Para sa mga Banal*

- Mga Komikong Libro – walang impormasyong nagbibigay-kaalaman
- Mga Libro at *Magazine* – yaong ukol sa pakikipagtalik, pakikiapid at mga materyal na mayroong pomograpya
- Telebisyon at Pelikula – maraming uri ng kasalanan ang ipinapakita sa tabing; ito'y hindi kaaya-aya sa Kristyanong pamumuhay
- Mga materyal sa *Internet* – mga larawan at *video* na nagbibigay detalye ukol sa mga kasalanan

## III. Pangwakas

- "ipinipikit ang kaniyang mga mata sa pagtingin sa kasamaan" (Isaias 33:15-16).
- "Layuan ninyo ang bawa't anyo ng masama" (I Mga Taga Tesalonica 5:22).
- "na ang nagsisigawa ng gayong mga bagay ay karapatdapat sa kamatayan, ay hindi lamang gayon…kundi naman pinapayagan ang mga nagsisigawa ng mga yaon" (Mga Taga Roma 1:32).

# ARALIN 7
# DILA

## I. Panimula

### *A. Ang Kapangyarihan ng Dila*

- "Kamatayan at buhay ay nasa kapangyarihan ng dila" (Kawikaan 18:21).
- "Datapuwa't ang dila ay hindi napaaamo ng sinomang tao; isang masamang hindi nagpapahinga, na pino ng lason…" (Santiago 3:8).

## II. Nilalaman

### *A. Ito'y Galing sa Puso*

- "sa kasaganaan ng puso ay nagsasalita ang bibig" (Mateo 12:34).
- "ang mga bagay na lumalabas sa bibig ay sa puso nanggagaling; at siyang nangakakahawa sa tao" (Mateo 15:18).

### *B. Ang Mga Kasalanan ng Dila*

1. Paggawa ng Kuwento at Tsismis (hindi lamang pagsisinungaling, kundi maging ang mga bagay na totoo na maaaring makasira ng tao)
   - "Na huwag magsalita ng masama tungkol sa kanino man" (Tito 3:2).

1. Paghahasik ng Pagtatalo (pagkukuwento ng mga bagay na personal upang magdulot ng pagkayamot at pagkakahiwa-hiwalay sa pagitan ng taong pinagusapan at ng iba)
   - "May anim na bagay na ipinagtatanim ng Panginoon; Oo, pito na mga kasuklamsuklam sa kaniya… ang naghahasik ng pagtatalo sa gitna ng magkakapatid" (Mga Kawikaan 6:16, 19).

2. Walang Galang o Mapusong Paggamit ng Pangalan ng Panginoon
   - "Huwag mong babanggitin ang pangalan ng Panginoon mong Dios sa walang kabuluhan" (Exodo 20:7a).

3. Mga Salitang Kahalay-halay (mahahalay na pagbibiro, mga gawa o salitang nagpapahiwatig ng kahalayan)
   - "Datapuwa't ngayon ay inyo namang layuan ang lahat ng mga ito… mga salitang kahalay-halay…" (Mga Taga-Colosas 3:8).

4. Pagsisinungaling (anumang pagpapahayag ng kaalamang walang katotohanan; maling pagpapahiwatig upang manglito at makaiwas sa katotohanan; pagtatago ng impormasyong kailangang malaman)
   - "Sa lahat na mga sinungaling, ang kanilang bahagi ay sa dagatdagatang nagniningas sa apoy at asupre; na siyang ikalawang kamatayan. (Apocalipsis 21:8)

**III. Pangwakas:** Ang tamang paggamit ng dila ay upang bigyang papuri ang Dios at upang ipangaral ang Kaniyang salita.

# ARALIN 8
# KATAWAN

## I. Panimula

### *A. Ang Templo ng Espiritu Santo*

- "O hindi baga ninyo nalalaman na ang inyong katawan ay templo ng Espiritu Santo na nasa inyo… Kung gibain ng sinoman ang templo ng Dios, siya'y igigiba ng Dios" (I Mga Taga-Corinto 6:19, 3:17).

## II. Nilalaman

### *A. Pagbabawal ng Pagkain o Paginom ng Dugo*

- "…na siya niyang dugo, ay huwag ninyong kakanin." (Genesis 9:4).
- "…magsilayo sa… dugo." (Mga Gawa 15:20).

### *B. Pagbabawal ng Pagkaing Binigti*

- ". . . Magsilayo . . . sa binigti" (Mga Gawa 15:20).
- ". . . Magsiilag . . . sa binigti." (Mga Gawa 21:25).

### *C. Pagbabawal ng Inihain sa Diosdiosan (I Mga Taga-Corinto 8:1-13)*

- Ang mga diosdiosan ay walang kabuluhan (I Mga Taga-Corinto 8:4).
- Ang pagkain ng inihain sa diosdiosan ay maaring magpahiwatig na tayo'y kalahok sa pagsamba sa diosdiosan (I Mga Taga-Corinto 8:7-9).

### *D. Pagbabawal ng Alkoholikong Inumin*

- "Ang alak ay manunuya, ang matapang na alak ay manggugulo; at sinomang napaliligaw sa kaniya ay hindi pantas." (Mga Kawikaan 20:1).
- "At hayag ang mga gawa ng laman, sa makatuwid ay ang mga ito . . . paglalasing . . . ang mga nagsisigawa ng gayong mga bagay ay hindi magsisipagmana ng kaharian ng Dios." (Mga Taga-Galacia 5:19-21).

### *E.Pagtitimpi at Kayamuan*

- "Sapagka't ang manglalasing at ang mayamo ay darating sa karalitaan…" (Mga Kawikaan 23:21)

## III. Pangwakas

- Hindi lamang ito ang mga pagkain o inuming ipinagbabawal. Kailangang iwasan ang anumang pagkain o inuming ikasisira ng ating katawan.
- "Magsipaglinis tayo sa lahat ng karumihan ng laman at ng espiritu, na pakasakdalin ang kabanalan sa takot sa Dios" (II Mga Taga-Corinto 7:1).
- "Kaya nga, mga kapatid, ipinamamanhik ko sa inyo, alangalang sa mga kahabagan ng Dios, na inyong iharap ang inyong mga katawan na isang haing buhay, banal, na kaayaaya sa Dios, na siya ninyong katampatang pagsamba" (Mga Taga-Roma 12:1).

# ARALIN 9
# MGA TAINGA (MUSIKA)

## I. Panimula

### *A. Ang Musika ay May Tiyak na Epekto sa Ating Diwa (Isip)*

- *Ang musika ni David ang siyang nagpaamo kay Saul (I Samuel 6:23)*
- Ang pinagmulan mismo ng salita ay nangangahulugang "diwa"

## II. Nilalaman

### *A. Musika sa Lumang Tipan*

- Nagtalaga si David ng mga musikero sa tabernakulo (I Mga Cronica 6:31-47)
- Nagpropesiya si Jeduthun gamit ang harpa (I Mga Cronica 25:3)
- Bago magpropesiya, iniutos ni Elias na siya'y dalhan ng isang manunugtog (II Mga Hari 3:15)
- Inihalal ni Josaphat ang mga mangaawit upang pangunahan ang hukbo laban sa mga anak ni Ammon at Moab (II Mga Cronica 20:21-22)

### *B. Musika sa Bagong Tipan*

- Si Hesus at ang Kaniyang mga disipulo ay nagsiawit bago ang hulling hapunan (Mateo 26:30).
- Si Pablo at Silas ay nagpuri (awit) sa kulungan (Mga Gawa 16:25-26).

### *C. Musika Bilang Isang Instrumento sa Pagsamba*

- "Oh magsiawit kayo sa Panginoon ng bagong awit" (Awit 96:1).
- "Purihin ninyo siya ng pandereta at sayaw: Purihin ninyo siya ng mga panugtog na kawad at ng flauta." (Awit 150:4).
- "Na kayo'y mangagusapan ng mga salmo at mga himno at mga awit na ukol sa espiritu, na nangagaawitan at nangagpupuri sa inyong mga puso sa Panginoon" (Mga Taga-Efeso 5:19).
- "Kayo'y mangagturuan at mangagpaalalahanan sa isa't isa sa pamamagitan ng mga salmo (Mga Taga-Colosas 3:16a).

## III. Pangwakas (Buod)

1. Ang musika ay may direktang epekto sa ating kaisipan.
2. Ang pangunahing gamit ng musika ay sa pagsamba sa Panginoon.
3. Hindi lahat ng musika ay katanggap-tanggap kung nais ng isang Kristyanong panatiliin ang kabanalan.
4. Dapat lamang na pakinggan ang tinig ng Espiritu Santo patungkol sa mga musikang pinapakinggan.
5. Tayo ay templo ng Espiritu Santo at hindi natin gustong punuin ang ating mga tainga ng mga bagay na walang kabuluhan.

# YUGTO II
## ESPIRITWAL NA PAGLAGO

# ARALIN 10
# PAG-UNAWA SA SALITA NG DIOS – UNANG BAHAGI

## I. Panimula

### *A. Ang Salita ng Dios ay Mahalaga sa Espiritwal na Paglago*

- "Hindi sa tinapay lamang mabubuhay ang tao, kundi sa bawa't salitang lumalabas sa bibig ng Dios." (Mateo 4:4b).
- "Nasain ninyo ang gatas na walang daya na ukol sa espiritu, upang sa pamamagitan nito'y magsilago kayo sa ikaliligtas" (I Pedro 2:2b).

### *B. Ang Tuloy-tuloy na Pag-aaral ay Kailangan Upang Lubos na Maunawaan ang Salita ng Dios*

- "At inyong hahanapin ako, at masusumpungan ako, pagka inyong sisiyasatin ako ng inyong buong puso" (Jeremias 29:13).
- "Pagsikapan mong humarap na subok sa Dios" (II Timoteo 2:15a).

## II. Nilalaman – Mga Alituntunin sa Pagpapaliwanag ng Salita ng Dios

### *A. Paraang Alinsunod sa Balarila at Kasaysayan (Literal)*

- Ang Salita ng Dios ay naisulat sa pamamagitan ng wika ng tao. Dahil dito, nararapat lamang na ating bigyang pansin ang mga alituntunin ng wika ng tao sa pag-unawa at pagpapaliwanag ng Salita ng Dios.
- Kailangang isaalang-alang ang kultura at kasaysayan sa likod ng bawat talata upang maunawaan ang kahulugan nito. (Hal.: Alak sa Israel)

### *B. Ang Pananglaw ng Espiritu Santo ay Mahalaga*

- "Nguni't ang mga ito ay ipinahayag sa atin ng Dios sa pamamagitan ng Espiritu; sapagka't nasisiyasat ng Espiritu ang lahat ng mga bagay, oo, ang malalalim na mga bagay ng Dios." (I Mga Taga-Corinto 2:10).

### *C. Ang Biblia ay Isinulat Upang Maunawaan ng Lahat*

- Ang Salita ng Dios ay isinulat sa pamamagitan ng wika ng tao sapagka't nais ng Dios na ito ay maunawaan maging ng mga pangkaraniwang tao. Bagaman ito ay kapaki-pakinabang, ang mataas na antas ng pag-aaral ay hindi kinakailangan upang maunawaan ang Salita ng Dios.

### *D. Ang Nilalaman ng Biblia ay Angkop Lamang sa Kaisipan ng Tao*

- "Sapagka't ang aking mga pagiisip ay hindi ninyo mga pagiisip, o ang inyo mang mga lakad ay aking mga lakad, sabi ng Panginoon." (Isaias 55:8).
- Ang katotohanan ay higit pa sa anumang salita na nilalaman ng Biblia sapagka't walang salita ang sapat upang ilarawan ang Dios. (Halimbawa: "Ang langit ay aking luklukan, at ang lupa ay aking tungtungan" – Hindi ito nangangahulugan na ang hangganan ng Dios ay ang langit at lupa.)

# ARALIN 11
# PAG-UNAWA SA SALITA NG DIOS – IKALAWANG BAHAGI

**I. Panimula – Pagsusuring muli ng Unang Bahagi**

**II. Nilalaman**

***A. Ipinahahayag ng Dios ang Katotohanan sa Progresibong at Marahang Kaparaanan***

- “Ang aking aral ay papatak na parang ulan; Ang aking salita ay bababa na parang hamog” (Deuteronomio 32:2a).
- “Ano pa't ang kautusan ay siyang naging tagapagturo natin upang ihatid tayo kay Cristo” (Mga Taga-Galacia 3:24a)

***B. Ang Kasulatan ang Siyang Nagbibigay-kahulugan sa Kasulatan***

- Ang Kautusan ng Panginoon ay sakdal (Awit 19:7).
- Hindi nating kailangang sumangguni sa iba pang mga aklat upang unawain ang Biblia. Ang Kasulatan mismo ay sapat upang bigyan ito ng kahulugan. (Halimbawa: Mateo 28:19 at Mga Gawa 2:38)

***C. Ang Biblia ay Pinag-isa at ang Tampulan nito ay si Hesus***

- “Ano pa't ang kautusan ay siyang naging tagapagturo natin upang ihatid tayo kay Cristo” (Mga Taga-Galacia 3:24a).
- Walang kamalian ang masusumpungan sa Biblia; ang kabuuang mensahe nito ay tunay na may pagkakaisa.

***D. Ang Katotohanan ay may ilang mga Saksi***

- “Ang patotoo ng dalawang tao ay totoo.” (Juan 8:17b)
- “Sa bibig ng dalawang saksi o ng tatlo ay papagtibayin ang bawa't salita.” (II Mga Taga-Corinto 13:1b)

***E. Ang bawat talata ay mayroong pangunahing kahulugan ngunit mayroon din namang iba’t ibang paggamit.***

- Ang ilang mga halimbawa nito ay ang mga parabula ni Hesus.

**III. Pangwakas**

1. Ang tuloy-tuloy na pag-aaral ng Biblia ay mahalaga upang maunawaang lubos ang Biblia at sa espiritwal na paglago.
2. Ang Biblia ay isinulat upang maunawaan ng lahat. Gayunpaman, ang mga taong nag-aaral ng Kasulatan ay dapat maging maingat sa paggamit ng tamang alituntunin upang hindi magkamali sa pagunawa.

**Magsanay:** Magsaulo ng isang talata ukol sa kahalagahan ng Salita ng Dios. Bigkasin ito sa susunod na pagpupulong.

# ARALIN 12
# MGA PRAKTIKAL NA TAGUBILIN UKOL SA PANALANGIN

## I. Panimula

### *A. Ang Panalangin ay Mahalaga sa Espiritwal na Paglago*

- Ang panalangin ay isang paraan ng pakikipagusap sa Dios.
- Kung paano pinagtitibay ng komunikasyon ang relasyon nga mga tao sa isa't isa, pinagtitibay din ng panalangin ang ating relasyon sa Dios.

### *B. Hindi Nais ng Laman na Manalangin*

- "Ang espiritu sa katotohanan ay may ibig, datapuwa't mahina ang laman" (Mateo 26:41b).
- "Ang espiritu sa katotohanan ay may ibig, datapuwa't mahina ang laman" (Mga Taga-Galacia 5:17a).

## II. Nilalaman – Mga Tagubilin Upang Mapabuti ang Pananalangin

### *A. Alamin ang Kahalagahan ng Panalangin*

- Kung ating gugunitain ang kahalagahan ng panalangin sa ating buhay, makatutulong ito upang tayo ay maganyak na manalangin.
- Halimbawa ng Kahalagahan: (1) pinagtitibay nito ang relasyon natin sa Dios, (2) pinahihiwatig nito ang pagkapanginoon ni Hesus sa ating buhay, at (3) ikinakawing tayo nito sa kayamanan ng langit.

### *B. Ituring ang Dios na Dios na Nakikinig ng ating Panalangin*

- "Kaniyang dinidinig ang dalangin ng matuwid" (Kawikaan 15:29b).
- "Tumawag ka sa akin, at ako'y sasagot sa iyo" (Jeremiah 33:3a).

### *C. Huwag Ipako ang Pag-iisip sa Damdamin*

- "Nguni't ang ganap ay mabubuhay sa pamamagitan ng pananampalataya" (Mga Taga-Roma 1:17).
- Huwag antayin ang pagluha, manalangin ng may pananampalataya.

### *D. Manalangin ng Walang Patid (I Mga Taga-Tesalonica 5:17)*

- Ang panalangin ay hindi lamang sa panahon na tayo't nakaluhod sa ating silid; ito ay maaaring gawin kahit saan at kahit kailan. Ito ay batay sa kondisyon ng ating puso.

## III. Pangwakas

- "Datapuwa't mangagpuyat kayo. . . mangagsidaing" (Lucas 21:36).

**Magsanay:** Ilista ang ilang mga bagay na sa tingin mo ay humahadlang sa paglago ng iyong pananalangin.

# ARALIN 13
# PAMAMAGITAN

## I. Panimula

### *A. Ano ang Pamamagitan?*

- Hango sa Griyegong salita, “enteuxus” na ang ibig sabihin ay mga petisyong hinihingi alang-alang sa iba.
- Ang pamamagitan ay ang abilidad na dalhin ang kabigatan ng iba sa pamamagitan ng panalangin.

## II. Nilalaman

### *A. Mga Halimbawa sa Biblia*

- Namagitan si Abraham para sa Sodoma (Genesis 18:16-32)
- Namagitan si Moises para sa Israel (Exodo 32:31-32)
- Namagitan si Ezra para sa Israel (Ezra 9:5-15)
- Namagitan si Daniel para sa Israel (Daniel 9:4-19)

### *B. Ano ang Nagagawa ng Pamamagitan?*

- “Kung ang aking bayan. . . ay magpakumbaba at dumalangin. . . pagagalingin ko ang kanilang lupain” (II Mga Cronica 7:14).
- “Idalangin ninyo ang sa inyo'y nagsisiusig” (Mateo 5:44b).
- “Kayo naman na nagsisitulong ng inyong panalangin na patungkol sa amin” (II Mga Taga-Corinto 1:11).
- “Sapagka't nalalaman ko na ang kahihinatnan nito'y sa aking ikaliligtas, sa pamamagitan ng inyong pananaing” (Mga Taga-Filipos 1:19).
- “May sakit baga ang sinoman sa inyo? ipatawag niya ang mga matanda sa iglesia; at ipanalangin nila siya” (Santiago 5:14a)

### *C. Ang Mamagitan ay Isang Kautusan (I Timoteo 2:1-4)*

1. Panalangin para sa lahat ng tao
2. Panalangin para sa iyong bansa at mga pinuno nito
3. Panalangin para sa mga mayroong espiritwal na awtoridad
4. Panalangin para sa mga ‘di-mananampalataya

## III. Pangwakas

### *A. The Spirit also Intercedes in our Prayer*

“Sapagka't hindi tayo marunong manalangin ng nararapat; ang Espiritu rin ang namamagitan dahil sa atin ng mga hibik na hindi maisasaysay sa pananalita” (Mga Taga-Roma 8:26b)

**Magsanay**: Gumawa ng listahan ng mga bagay na maaari mong ipanalangin alang-alang sa iba. Simulan mo na itong ipanalangin araw-araw.

# ARALIN 14
# TATLONG PINAKAMAHIHINANG BAHAGI

**I. Panimula**

***A. Tatlong Kahinaan***

“Sapagka't ang lahat na nangasa sanglibutan, ang masamang pita ng laman at ang masamang pita ng mga mata at ang kapalaluan sa buhay, ay hindi mula sa Ama, kundi sa sanglibutan” (I Juan 2:16).

**II. Nilalaman**

***A. Pag-ibig sa Sanglibutan***

- “Sinoma'y hindi makapaglilingkod sa dalawang panginoon: sapagka't kapopootan niya ang isa, at iibigin ang ikalawa” (Mateo 6:24a).
- “Sinoman ngang magibig na maging kaibigan ng sanglibutan ay nagiging kaaway ng Dios” (Santiago 4:4b).
- “Huwag ninyong ibigin ang sanglibutan, ni ang mga bagay na nasa sanglibutan. Kung ang sinoman ay umiibig sa sanglibutan, ay wala sa kaniya ang pagibig ng Ama” (I Juan 2:15).

**B.** ***Pita ng Laman***

- Mga marurumi o mahahalay na nasa sa isang bagay o tao
- “Datapuwa't, dahil sa mga pakikiapid, ang bawa't lalake ay magkaroon ng kaniyang sariling asawa, at bawa't babae ay magkaroon ng kaniyang sariling asawa” (I Mga Taga-Corinto 7:2).
- “Kayo'y magsiilag sa pakikiapid” (I Mga Taga-Tesalonica 4:2-3b).

***C. Pita ng Mata***

- Pagnanasa na karaniwan ay dulot ng nakikita ng mga mata.
- “Siyang lumalakad ng matuwid. . . ipinipikit ang kaniyang mga mata sa pagtingin sa kasamaan” (Isaias 33:15-16).
- “Alisin mo ang aking mga mata sa pagtingin ng walang kabuluhan. At buhayin mo ako sa iyong mga daan” (Awit 119:37).

***D. Kapalaluan sa Buhay***

- Paghangad ng karangalan; sanhi ng hangaring makilala
- “Pagka dumarating ang kapalaluan ay dumarating nga ang kahihiyan: nguni’t nasa mababa ang karunungan” (Kawikaan 11:2).
- “Ang kapalaluan ay nagpapauna sa kapahamakan” (Kawikaan 16:18).

**III. Pangwakas**

“Sapagka't kung mangabuhay kayo ng ayon sa laman, ay mangamamatay kayo; datapuwa't kung sa pamamagitan ng Espiritu ay pinapatay ninyo ang mga gawa ng laman, ay mangabubuhay kayo” (Mga Taga-Roma 8:13)

**Magsanay:** Ilista ang mga bagay na sa tingin mo ay nagpapahina sa iyong relasyon sa Dios. Simulan mo itong isuko sa Dios sa panalangin.

# ARALIN 15
## KRISTYANONG PAG-UUGALI: PAG-IBIG AT PAGPAPATAWAD

**I. Panimula**

***A. Ano ang Ugali?***

- Uri ng pag-iisip o pag-kilos tungo sa isang tao o isang bagay
- Kumpara sa bunga ng Espiritu na karaniwan ay mga pangloob na pagganyak, ang pag-uugali ay tungkol sa panglabas na kilos o gawa.

**II. Nilalaman**

***A. Pag-ibig***

- Ito ang kabuuan ng lahat ng kautusan ng Dios (Marcos 12:29-31). Dito nakapailalim ang lahat ng utos ng Dios.
- Iniutos ni Hesus na mahalin natin ang isa't isa (Juan 15:12, 17).
- Ang ating pagmamahal sa isa't isa ang nagpapatunay na tayo'y mga tunay na Kristyano (Juan 13:35).
- Kung hindi natin kayang ibigin ang ating kapwa, hindi natin magagawang ibigin ang Dios (I Juan 4:20-21).

***B. Pagpapatawad***

- "Datapuwa't kung hindi ninyo ipatawad sa mga tao ang kanilang mga kasalanan, ay hindi rin naman kayo patatawarin ng inyong Ama ng inyong mga kasalanan" (Mateo 6:15).
- Anu-ano ang nakapaloob sa pagpapatawad?
  - Pagdala ng kabayaran ng pagkakamali ng ibang tao
  - Pagsantabi ng sariling karapatan at 'di pagpansin sa ilang mga bagay bagaman alam mong ikaw ang tama
  - Paglunok ng pagmamalaki at paghingi ng tawad bagaman alam mong sila ang nararapat na humingi ng tawad sa iyo
  - Pagharap ng kabilang pisngi (Mateo 5:39)
  - Pagkalimot ng pagkakamali ng iba

**III. Pangwakas**

***A. Magliwanag ang iyong ilaw sa harap ng mga tao (Mateo 5:16)***

- "Pagka ang mga lakad ng tao ay nakapagpapalugod sa Panginoon, kaniyang tinitiwasay sa kaniya pati ng kaniyang mga kaaway" (Kawikaan 16:7).
- "Sundin ninyo ang kapayapaan sa lahat ng mga tao" (Hebreo 12:14).

**Magsanay**: Mayroon ka bang taong hindi mo pa napapatawad dahil sa kanitang pagkakasala sa iyo? Mayroon ka bang kaalitan? Manalangin na ika'y tulungan ng Dios na makipagsundo sa kaniya/kanila.

# ARALIN 16
# KRISTYANONG PAG-UUGALI – PAGSUNOD

## I. Panimula

### *A. Ano ang Naging Resulta ng Pagsuway*

- "Kaya kung paanong sa pamamagitan ng isang pagsuway ay dumating ang hatol sa lahat ng mga tao sa ipagdurusa. . . sa pamamagitan ng pagsuway ng isang tao ang marami ay naging mga makasalanan" (Mga Taga-Roma 5:18-19).

## II. Nilalaman

### *A. Hindi Lamang Taga-pakinig*

- "Sapagka't hindi ang mga tagapakinig ng kautusan ang siyang mga ganap sa harapan ng Dios, kundi ang nangagsisitalima sa kautusan ay aariing mga ganap" (Mga Taga-Roma 2:13).
- "Datapuwa't maging tagatupad kayo ng salita, at huwag tagapakinig lamang, na inyong dinadaya ang inyong sarili" (Santiago 1:22).
- Ang totoong pananampalataya ay may kalakip na pagsunod (Mga Taga-Roma 15:18; Santiago 2:26).

### *B. Ang Tamang Pagsunod*

- "Ang pagsunod ay maigi kay sa hain, at ang pagdinig kay sa taba ng mga tupang lalake" (I Samuel 15:22b).
- "Kung katuwiran sa paningin ng Dios na makinig muna sa inyo kay sa Dios, inyong hatulan" (Mga Gawa 4:19).
- "Sapagka't ako baga'y nanghihikayat ngayon sa mga tao o sa Dios? . . . kung ako'y magbibigay-lugod pa sa mga tao, ay hindi ako magiging alipin ni Cristo." (Mga Taga-Galacia 1:10).

## III. Pangwakas

### *A. Mga Pagpapalang Dulot ng Pagsunod*

- "Kung kayo'y magkusa at mangagmasunurin, kayo'y magsisikain ng buti ng lupain" (Isaias 1:19).
- "Ang pagpapala, kung inyong didinggin ang mga utos ng Panginoon ninyong Dios." (Deuteronomio 11:27a).
- "Kung ikaw ay lalakad sa aking mga daan… ay akin ngang palalaunin ang iyong mga kaarawan" (I Mga Hari 3:14).
- "Ang Panginoon ay sumasa inyo samantalang kayo'y sumasa kaniya" (II Mga Cronica 15:2).

**Magsanay:** Simula ng ika'y mabautismuhan at sumunod sa Dios, ano ang mga pagpapalang iyong natatamasa? Isulat ito sa papel.

# ARALIN 17
# MGA MAPANGANIB NA PAG-UUGALI

## I. Panimula

***A. Huwag Pighatiin ang Espiritu Santo (Mga Taga-Efeso 4:30-31)***

- Ang Espiritu Santo na ating tinanggap ay kagaya ng isang kalapati na hindi naninirahan sa maruruming tahanan. Dahil dito, nararapat lamang na tayo'y maging maingat na hindi pighatiin ang Espiritu Santo sa pamamagitan ng pagiwas sa mga mapanganib na pag-uugali.

## II. Nilalaman

***A. Kapaitan***

- Ito ay masakit, hindi kanais-nais, malupit o mapaghinanakit
- Isang pag-uugali na nagdudulot ng masasakit na pangungusap
- "Na pakaingatan… baka kayo'y bagabagin ng anomang ugat ng kapaitan na sumisibol, at dahil dito'y mahawa ang marami" (Hebreo 12:15).

***B. Poot***

- Marahas na galit; hangarin na maghiganti o magparusa
- "Sapagka't ang galit ng tao ay hindi gumagawa ng katuwiran ng Dios" (Santiago 1:20).

***C. Galit***

- Ito'y matinding kayamutan. 'Di gaya ng poot, ang galit ay may antas ng kasidhian at 'di nangangailangan ng panglabas na pagpapahayag bagaman karaniwan itong nauuwi sa gayon.
- "Kayo'y mangagalit at huwag kayong mangakasala (Efeso 4:26).
- Ang susi ay tamang pamamahala ng nararamdamang galit at huwag hayaan na ito'y lubugan ng araw.

***D. Magkaingay sa Paghingi***

- Ito'y maingay na hiyaw o mapilit na paghingi

***E. Masasamang Pagsasalita***

- *Anumang masama o negatibong salita na galing sa baluktot na puso*

***F. Masamang Hangad; Malisya***

- Hangaring makasakit ng ibang tao
- Ito ay resulta ng poot na kasing sama ng pagpatay (I Juan 3:15)

## III. Pangwakas

"Sapagka't tayo'y kaniyang gawa, na nilalang kay Cristo Jesus para sa mabubuting gawa, na mga inihanda ng Dios nang una upang siya nating lakaran" (Mga Taga-Efeso 2:10).

# ARALIN 18
# PANGANGASIWA NG BUHAY

## I. Panimula

### *A. Pagkamay-ari VS Pangangasiwa*

- Ang Dios (May-ari) – “Ang lahat ng mga bagay ay ginawa sa pamamagitan niya; at alin man sa lahat ng ginawa ay hindi ginawa kung wala siya” (Juan 1:3).
- Ang Tao (Tagapangasiwa) – “At magkaroon kayo ng kapangyarihan sa mga isda sa dagat, at sa mga ibon sa himpapawid, at sa bawa't hayop na gumagalaw sa ibabaw ng lupa” (Genesis 1:28b).

| MAY-ARI | TAGAPANGASIWA |
| --- | --- |
| Karapatan sa ari-arian | Walang karapatan; pamamahala lamang |
| Walang pananagutan | May pananagutan |

## II. Nilalaman

### *A. Pangangasiwa ng Oras*

- “Ang mga kaarawan ng aming mga taon ay pitong pung taon, o kung dahil sa kalakasan ay umaabot ng walong pung taon” (Awit 90:10a).
- “Ang panahon at kapalaran ay mangyayari sa kanilang lahat” (Ecclesiastes 9:11).
- “At kung paanong itinakda sa mga tao ang mamatay na minsan, at pagkatapos nito ay ang paghuhukom” (Hebreo 9:27).

### *B. Pangangasiwa ng Mga Talento’t Kakayanan*

- “Gayon din naman kayo, na yamang kayo'y mapagsikap sa mga kaloob na ayon sa espiritu ay pagsikapan ninyong kayo'y magsisagana sa ikatitibay ng iglesia” (I Mga Taga-Corinto 14:12).
- “Ayon sa kaloob na tinanggap ng bawa't isa, ay ipaglingkod sa inyo-inyo rin, na gaya ng mabubuting katiwala ng masaganang biyaya ng Dios… upang ang Dios ay papurihan sa lahat…” (I Pedro 4:10-11)

## III. Pangwakas

### *A. Ang Talinghaga Ukol sa mga Talento (Mateo 25:14-30)*

- Tayo’y pinagkatiwalaan ng Dios ayon sa ating kakayanan.
- Mayroong darating na araw ng pagsusulit at tayo’y mananagutan sa Dios patungkol sa kung anuman ang ipinagkatiwala sa atin.
- Kailangan nating siguraduhin na ginagamit nating mainam ang oras, talent, o kakayanan para sa kahrian ng Dios.

**Magsanay:** Ilista ang anumang talent o kakayanan na puwede mong ipagamit sa Dios para sa ikalalawak ng Kaniyang kaharian.

# YUGTO III
# PAGLILINGKOD

# ARALIN 19
# MINISTERYO

## I. Panimula

***Ang Ministeryo ay…***

- mula sa Griyegong salita *diakoneo* na ang ibig sabihan ay manilbihan
- paninilbihan sa Dios at sa tao para sa Kaniyang ngalan
- Hindi posisyon, titulo, o opisina
- Hindi limitado sa mga tungkuling nakikita ng publiko

## II. Nilalaman

### *A. Ano ang Layunin ng Ministeryo?*

- "Sa ikasasakdal ng mga banal, sa gawaing paglilingkod sa ikatitibay ng katawan ni Cristo" (Mga Taga-Efeso 4:12).
- "Na dahil sa kaniya'y ang buong katawan na nakalapat na mabuti at nagkakalakip sa pamamagitan ng tulong ng bawa't kasukasuan. . . nagpapalaki sa katawan sa ikatitibay. . ." (Mga Taga-Efeso 4:16).

### *B. Sino ang Magmiministeryo?*

- "Sapagka't tayo ay mga kamanggagawa ng Dios: kayo ang bukid ng Dios, ang gusali ng Dios" (I Mga Taga-Corinto 3:9).
- "Sapagka't tayo'y kaniyang gawa, na nilalang kay Cristo Jesus para sa mabubuting gawa" (Mga Taga-Efeso 2:10a).
- "Na ayon sa kaloob na tinanggap ng bawa't isa, ay ipaglingkod sa inyo-inyo rin" (I Pedro 4:10a).

### *C. Bakit natin kailangang maging kasangkot sa ministeryo?*

- "Pahintulutan mong ang aking bayan ay yumaon, upang sila'y makapaglingkod sa akin" (Exodo 7:16).
- "Hindi baga dapat na ikaw naman ay mahabag sa iyong kapuwa alipin, na gaya ko namang nahabag sa iyo?" (Mateo 18:33).
- "Datapuwa't kayo'y isang lahing hirang. . . upang inyong ipahayag ang mga karangalan niyaong tumawag sa inyo mula sa kadiliman, hanggang sa kaniyang kagilagilalas na kaliwanagan (I Pedro 2:9).

## III. Pangwakas

### *A. Mga Pangako para sa mga Lingkod/Ministro*

- "Datapuwa't hanapin muna ninyo ang kaniyang kaharian. . . at ang lahat ng mga bagay na ito ay pawang idaragdag sa inyo. (Mateo 6:33).
- "Walang taong nagiwan. . . dahil sa evangelio. . . Na hindi siya tatanggap ng tigisang daan ngayon sa panahong ito. . . at sa sanglibutang darating ay ng walang hanggang buhay" (Marcos 10:29-30).

# ARALIN 20
# MGA KALOOB NA MAY KINALAMAN SA PAGSISILBI

**I. Panimula**

***A. Iisang Katawan Ngunit Maraming Sangkap***

- "Kung paanong sa isang katawan ay mayroong tayong maraming mga sangkap, at ang lahat ng mga sangkap ay hindi pareho ang gawain: ay gayon din tayo. . . iisang katawan kay Cristo" (Mga Taga-Roma 12:4-5).
- Hindi natin dapat ikumpara ang ating sarili sa iba (II Mga Taga-Corinto 10:12). Hanapin ang kaloob at ipagamit kay Cristo (I Corinto 14:12).

**II. Nilalaman**

***A. Ang Mga Kaloob (Mga Taga-Roma 12:3-8)***

1. Hula/Propesiya – banal na pagbigkas; pagsasalita ayon sa Espiritu upang patatagin ang ibang tao
2. Ministerio – serbisyo sa ibang tao lalo na sa iglesia; kabilang dito ang saloobin at kakayanan na maglingkod
3. Pagtuturo – instruksiyon gaya ng pagtuturo sa Panlinggong Paaralan
4. Masidhing Pangangaral – paghihikayat o pagbibigay ng kaginhawaan gaya ni Joses (Mga Gawa 4:36; 9:26-27)
5. Pagbibigay – pagbabahagi ng mga materyal na pagpapala sa ibang tao at sa iglesia; hindi ito senyales ng higit na kagalingan kundi kaloob ng Dios para sa kapakanan ng Kaharian ng Dios.
6. Pamumuno – pagbibigay ng direksyon, gabay o impluwensiya
7. Pagpapakita ng Habag – pagiging mahabagin at matulungin sa iba gaya ng pagbisita sa may sakit, pagtulong sa mga mahihirap, mga balo, at mga naulila. (Mateo 25:31-46)

**III. Pangwakas**

1. Ang iglesia ay kailangang tumakbo bilang iisang katawan; ang bawat bahagi ng katawan ay pantay-patay at hindi mas mahalaga kaysa isa.
2. Kailangang hanapin at kilalanin ng bawat isa ang kanilang partikular na kaloob at linangin ito.
3. Ang layunin ng bawat kaloob ay para sa pagsulong ng kaharian ng Dios; hindi ito para sa pangsariling kapakanan.
4. Ang bawat kaloob ay dapat gamitin ng mayroong pagibig at pasasalamat sa halip na ituring itong isang tungkulin.

**Magsanay:** Batay sa iyong mga kalakasan at mga kagustuhan, ano sa tingin moa ng iyong kaloob na may kinalaman sa pagsisilbi? Ilista mo ito at manalangin na ika'y tulungan ng Dios na gamitin ito para sa pagsulong ng Kaniyang kaharian.

# ARALIN 21
## MGA KALOOB NA MAY KINALAMAN SA MGA PANGUNAHING KATUNGKULAN NG MGA MINISTRO

### I. Panimula

***A. Ang Layunin***

- Ito ay hindi lamang kaloob sa mga indibidwal. Ang mga taong may ganitong tungkulin ay siya mismong kaloob ng Dios sa iglesia.
- "Sa ikasasakdal ng mga banal, sa gawaing paglilingkod sa ikatitibay ng katawan ni Cristo" (Mga Taga-Efeso 4:12).
- Ang pangunahing layunin ay upang palakasin at sanayin ang iglesia.

### II. Nilalaman

***A. Ang Mga Kaloob (Mga Taga-Efeso 4:11)***

1. Apostol – taong naatasan na isugo, mensahero, o embahador; tao na maituturing na tagapanguna o pinuno ng iba pang mga ministro
2. Propeta – tagapabatid ng mga natatanging mensahe o direksyon mula sa Dios (Mga Gawa 11:27; 15:32); isang taong madalas na ginagamit ng Dios sa ganitong kaparaanan sa kaniyang pampublikong ministerio; isang tao na nagdedeklara ng partikular na layunin o payo para sa mga tao ng Dios
3. Evangelista – isang taong nagpapahayag ng mabuting balita para sa kapakanan ng mga 'di mananampalataya; isang taong epektibo sa pag-aakay ng mga kaluluwa
4. Pastor – pastol; isang taong nangunguna at nagaaruga sa mga tao ng Dios; tagapangasiwa.
5. Guro – isang taong nagtuturo gamit ang Salita ng Dios; isang taong ginagamit ng Dios upang palalimin ang kaalaman at pananampalataya ng mga tao sa pamamagitan ng Salita ng Dios

### III. Pangwakas

***A. Mga Palatandaan ng mga Sakdal (Mga Taga-Efeso 4:14-16)***

1. Matatag sa pananampalataya
2. Nagsisimulang magbahagi sa iba ng mayroong pag-ibig
3. Nagpapasakop sa Panginoong Jesucristo
4. Natututong mag-ambag sa gawain ng Panginoon sa iglesia

**Magsanay:** Sa iyong palagay, bakit itinuturing na kaloob sa iglesia ang limang opisinang ito? Isulat ang iyong sagot sa papel.

# ARALIN 22
## MGA ESPIRITWAL NA KALOOB – UNANG BAHAGI

**I. Panimula**

***A. Katangian ng mga Espiritwal na Kaloob***

- Ang Espiritu Santo ang pinagmumulan ng mga kaloob na ito (I Taga-Corinto 12:4-7).
- Ang mga kaloob na ito ay mga pagpapahayag o demonstrasyon ng Banal na Espiritu at hindi ng tao.
- ‘Di gaya ng iba pang mga kaloob na biyaya ng Dios, ang mga kahimala-himalang kaloob na ito ay pawang mga espiritwal na kaloob.

**II. Nilalaman**

***A. Kanino ibinibigay ang mga espiritwal na kaloob?***

- Walang sinuman ang may kayang magsanay (ayon sa kaniyang sariling kagustuhan) o magkaloob ng mga kaloob na ito sa ibang tao.
- Ang Dios lamang ang naggagawad at nagpapagana ng mga kaloob na ito ayon sa Kaniyang layunin (Hebreo 2:4)
- Sinomang makapansin na siya ay may espiritwal na kaloob ay kailangang maunawaan na ang kaniyang pagpapasya na makipagtulungan sa Espiritu ng Dios ay kasing halaga ng kalooban ng Dios.

***B. Kailan gumagana ang mga espiritwal na kaloob?***

- Ginagawad at pinagagana ng Dios ang mga espiritwal na kaloob sa mga panahon ng espesyal na pangangailangan lamang lalo na para sa ikatitibay ng iglesia.

***C. Likas o Higit sa Karaniwan?***

- Kailangang makilala natin ang kaibahan ng mga espiritwal na kaloob ng Espiritu sa mga likas na kaloob na maaaring igawad sa tao kahit siya’y hindi pa nakatanggap ng Espiritu Santo.
- Naiiba ito sa mga likas na kaloob sapagka’t ang espiritwal na kaloob ay pinapagana at demonstrasyon ng Banal na Espiritu.

**III. Pangwakas (Buod)**

1. Gaya ng ibang mga kaloob, may pagkakaiba-iba ang mga espiritwal na kaloob.
2. Ang Dios ang pinanggagalingan ng mga kaloob na ito.
3. ‘Di gaya ng ibang mga kaloob, ang mga espiritwal na kaloob ay gumagana ayon sa layunin at kalooban ng Dios.
4. Ang mga espiritwal na kaloob ay hindi tuloy-tuloy ngunit dapat na ituring na karaniwan sa iglesia ng Dios.

# ARALIN 23
# MGA ESPIRITWAL NA KALOOB – IKALAWANG BAHAGI

## I. Panimula

### *A. Ang Layunin ng mga Espiritwal na Kaloob*

- “Datapuwa't sa bawa't isa ay ibinibigay ang paghahayag ng Espiritu, upang pakinabangan naman” (I Mga Taga-Corinto 12:7).
- “Datapuwa't ang nanghuhula ay nagsasalita sa mga tao sa ikatitibay, at sa ikapangangaral, at sa ikaaaliw” (I Mga Taga-Corinto 14:3).
- (1) para sa kaluwalhatian ni Jesus, (2) sa ikatitibay ng iglesia at (3) para patotohanan ang Salita ng Dios upang hikayatin ang mga ‘di mananampalataya

## II. Nilalaman

### *A. Mga Kaloob ng Paghahayag*

1. Salita ng Karunungan – dibinong pagpapasya o gabay ukol sa isang partikular na pangangailangan (Hal.: Mga Gawa 27:9-10)
2. Salita ng Kaalaman – dibinong impormasyon ukol sa isang partikular na pangangailangan (Hal.: Mga Gawa 5:1-10)
3. Pagkilala sa mga Espiritu – pagkilala kung anong uri ng espiritu ang nasa likod ng isang partikular na kilos o galaw (espiritu ng tao, ng kaaway, o ng Dios) (Hal.: Mga Gawa 16:16-18)

### *B. Mga Kaloob ng Kapangyarihan*

1. Pananampalataya – ‘di pangkaraniwang abilidad na magtiwala sa Dios o manghikayat ng iba na magtiwala sa Dios para sa isang partikular na pangangailangan o sitwasyon (Hal.: Mga Gawa 27:25)
2. Paggawa ng mga Himala – Higit sa karaniwang pamamagitan ng Dios na pumapaibabaw sa mga batas ng kalikasan at gumagana kasama o sa pamamagitan ng isang tao (Hal.: Mga Gawa 19:11-12)
3. Pagpapagaling – iba’t ibang anyo ng higit sa karaniwang lunas o pagpapanumbalik mula sa mga karamdaman (Ex.: Mga Gawa 3:1-8)

### *C. Mga Kaloob ng Pagsasalita o Pagbigkas*

1. Iba’t Ibang Wika – higit sa karaniwang pagbigkas gamit ang isa o higit pang mga wikang ‘di alam ng tagapagsalita
2. Pagpapaliwanag ng mga Wika – higit sa karaniwang abilidad na isalin o ipaliwanag ang kahulugan ng pampublikong pagbigkas gamit ang iba’t ibang wika
3. Hula/Propesiya – higit sa karaniwang pagbigkas na direktang galing sa Dios gamit ang isang wikang alam ng tagapagsalita at mga tagapakinig (Hal.: Mga Gawa 11:27-28)

# ARALIN 24
# PAGBABAHAGI NG EBANGHELYO

## I. Panimula

### *A. Paglalarawan ng Biblia ukol sa Pagbabahagi ng Ebanghelyo*

- Pagtatanim (Awit 126:6)
- Pag-aani (Mateo 9:37)
- Pangingisda ng Tao (Mateo 4:19)
- Pagpapatotoo (Mga Gawa 1:8)
- Asin ng Sanlibutan (Mateo 5:13)
- Tanglaw sa Sanlibutan (Mateo 5:14)

## II. Nilalaman

### *A. Kanino Ibabahagi ang Ebanghelyo?*

- "Hindi niya ibig na sinoman ay mapahamak, kundi ang lahat ay magsipagsisi" (II Pedro 3:9b)
  1. Mga Makasalanan o 'Di Mananampalataya
  2. Mga 'Di Matibay sa Pananampalataya
  3. Mga Taong Tinalikuran ang Dios

### *B. Sino ang Magbabahagi?*

- "Datapuwa't nagsiparoon ang labingisang alagad. . . magsiyaon nga kayo, at gawin ninyong mga alagad ang lahat ng mga bansa, na sila'y inyong bautismuhan. . ." (Mateo 28:16-20)
- "Hindi baga dapat na ikaw naman ay mahabag sa iyong kapuwa alipin, na gaya ko namang nahahabag sa iyo?" (Mateo 18:33)

## III. Pangwakas

- "At lumabas siya at nakita ang lubhang maraming tao, at nahahabag siya sa kanila, sapagka't sila'y gaya ng mga tupa na walang pastor: at siya'y nagpasimulang tinuruan sila ng maraming bagay" (Marcos 6:34).
- "Yamang nalalaman nga ang pagkatakot sa Panginoon, ay aming hinihikayat ang mga tao, nguni't kami ay nangahahayag sa Dios; at inaasahan ko na kami ay nangahayag din naman sa inyong mga budhi" (II Mga Taga-Corinto 5:11).

**Magsanay:** Sa isang papel, maglista ng labindalawang pangalan na unang pumasok sa iyong kaisipan sa kahabaan ng araling ito. Manalangin sa Dios na sila'y bigyang awa at manalangin na ika'y gamitin ng Dios upang sila ay makakilala sa Kaniya.

## **MUNTING PAALALA**:

Ang munaklat na ito ay protektado ng *United Pentecostal Church of Tondo* bilang siyang may-akda ng anumang nakasulat rito. Sa kadahilanang ito, hinihiling ng iglesia na huwag kopyahin ang anumang laman nito at gamitin upang kumita ng anumang halaga.

Bukod sa batas ng Republika ng Pilipinas na pinuprotektahan ang anumang ari-ariang intelektwal ng mga may-akda, ang pagkopya ay itunuturing din na uri ng pagnanakaw. Ang pagnanakaw ay may kaukulang parusa na naaayon sa batas.

Kung nais na magkaroon ng kopya ng munaklat na ito at ng iba pang mga materyales upang magamit sa pagpapalawak ng evangelio at iba pang mga *resonableng* dahilan, mangyari lamang na kami'y tawagan gamit ang mga detalyeng nakasulat sa likuran nito.

Maraming salamat po.